Hitik: International Journal of Catechists and Religious Educators
Vol. 1 No. 1 (December 2024)
ISSN (Online): 3082-3501 | ISSN (Print): 3028-2691
Received: October 23, 2024 | Accepted: December 7, 2024 | Published Online: December 20, 2024

# Ang Mabathalang Pag-aaral sa Awiting "Dakilang Maylikha" ayon sa Bersyon ng "Ama Namin" ng Doctrina Cristiana

## (A Theological Study of the Hymn "*Dakilang Maylikha*" Based on the *Doctrina Cristiana* Version of the "Our Father")

Joenel B. Buencibello

De La Salle University, Manila
Correspondence: joenel.buencibello@dlsu.edu.ph

## Abstract

*Ayon kay Dr. De Mesa, ang bersyon ng Ama Namin sa 1593 Doctrina Cristiana ay nagpapakita ng pangunahing prinsipyo ng pagsasakultura ng teolohiya dahil sa pakikipag-dayalogo ng Hudyo-Kristiyanong Pamana ng Pananampalataya at kulturang Pilipino sa aktuwal na mga salitang ginamit sa dasal na ito. Gamit ang parehas na pamamaraan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong basahin ang awiting katha ni Gary Granada na pinamagatang "Dakilang Maylikha" sa lente ng pagsasakultura gamit ang dulog sa mabathalang pag-aaral. Ito rin ay naglalayong bigyan ng sariwang pananaw ang dasal na Ama Namin at ang kagandahang-loob ng Maykapal upang bigyang katuturan ang karanasan, damdamin, at loob ng karaniwang Pilipino.*

*(According to Dr. De Mesa, the 1593 Doctrina Cristiana version of the Our Father prayer highlights the foundational principle of inculturation theology, as it reflects a dialogue between the Judeo-Christian heritage of faith and Filipino culture through the actual words used in this prayer. Following the same approach, this study aims to analyze Gary Granada's song Dakilang Maylikha through the lens of inculturation using a culturally sensitive theological study (mabathalang pag-aaral) approach. It also seeks to offer a fresh perspective on the Our Father prayer and the benevolence of the Creator, providing more profound meaning to the experiences, emotions, and inner self of the common Filipino.)*

***Keywords***: *Ama Namin, Dakilang Maylikha, Doctrina Cristiana, Mabathalang Pag-aaral, Pagsasakultura*

Copyright:©2024 The Authors. Hitik: International Journal of Catechists and Religious Educators is published by the Religious Educators Association of the Philippines, Inc..This is an open access journal under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0) license.

## PANIMULA

Ayon kay San Prospero de Aquitania, "*ut legem credendi lex statuat supplicandi*" na kung isasalin sa ating wika ay nangangahulugan na ang panuntunan ng pananalangin ay nagtataguyod ng panuntunan ng paniniwala (UCCB, 2009). Ito ay lubos nating maaaninag sa dasal na Ama Namin na itinuro ni Hesus noong ang kanyang mga alagad ay nagpaturo sa kanya kung paano manalangin. Sa kasalukuyan, ang dasal na Ama Namin ay maituturing na deposito ng mga kahulugan sa Kristianong tradisyon. Ginagamit ito sa mga pagninilay, katesismo, mga homilia, at iba pa. Itinuturing itong buod ng panalangin ng mga Kristiyano sa balangkas ng ugnayan ng Diyos at tao, (De Mesa, 2019) at buod ng Ebanghelyo (Catechism of the Catholic Church, para. 1997 & 2761). Ayon kay Nicholas Ayo (1992, p. 107), isang propesor at pari, 'hindi tayo makakaisip ng anumang panalangin na hindi pa nakapaloob dito [sa Ama Namin].' Bukod dito, maituturing din ang Ama Namin bilang isang kasanayan o 'praksis ng buong ebanghelyo. (Ayo, 1992, p. 6)' Kung ating iisipin, bilang problema ng pagsusuring ito, dahil sa pagkakumpleto at ganap ng dasal na Ama Namin, hindi na natin magawang pakialaman ang mga titik nito dahil sa pag-aalinlangan na marahil masira o mabago ang kahulugan nito. Kaya naman pinananatili nating tapat at literal ang pagsasalin nito sa ating sariling wika. Mahahalata nating ito rin ay nangangahulugan ng pagsasalin ng Kanluraning kaisipan sa ating kamalayan. Halimbawa, sa linyang "mapasaamin ang kaharian mo," ano nga ba ang dating nito sa ating mga Pilipino yamang wala naman tayong malalim na karanasan sa konsepto ng monarkiya? Hindi rin ba ito nagbubunsod ng isang kolonyal na kaisipan? Ayon kay Dr. Jose De Mesa (2017, p. 3), isang tanyag na Pilipinong laykong teologo, "Lubhang mahalaga ang kultura sa buhay ng tao sapagka't ito ay ang pamamaraan ng pagdama, pag-iisip at pagkilos ng isang pamayanan sa lipunan." Sa madaling sabi, ang pinakamabisang paraan upang maunawaan natin bilang Pilipino ang isang tekstong nagmumula sa banyagang dako ay sa pamamagitan ng pagbasa nito gamit ang ating kultural na paraan (De Mesa, 2017, p. 2) na sumasalamin sa ating damdamin, pag-iisip, at pagkilos bilang Pilipino. Ito rin ang hangad ng Second Plenary Council of the Philippines (PCP II) sa usaping inculturation o pagsasakultura. Ayon dito, "dapat mag-ugat ang pananampalataya sa matrix ng ating pagiging Pilipino upang tayo ay tunay na maniwala at magmahal bilang Pilipino. Ngunit para mangyari ito, ang Ebanghelyo ay kailangang iharap sa mga kasangkapan [tools], pamamaraan [methods], at pagpapahayag [expressions] na nagmumula sa mismong kultura." (Catholic Bishops' Conference of the Philippines, 1992, article 72)

Mayroong isang awiting likha si Gary Granada, isang mang-aawit, kumpositor, at makabayan, na pinamagatang "Dakilang Maylikha." Kung lubos itong pagtutuunan ng pansin ay mababanaagan dito ang diwa, daloy, at tunog ng panalanging itinuro ni Hesus, ang Ama Namin. Ang pagninilay na ito ay mangangatwirang ang awiting ito ay masasabing Tagalog na bersyon ng Ama Namin sa kultural at kontekstuwal na aspeto ng mga Pilipino sa ngayon. Kaya naman, ang pagninilay na ito ay gagamit ng mga dulog at paraan ng Mabathalang Pag-aaral ni Dr. Jose De Mesa kaugnay ng kanyang pagninilay sa bersyon ng Ama Namin ng Doctrina Cristiana. Babalangkasin ang mga natatanging karunungan na maaaring mapulot sa awiting "Dakilang Maylikha" ni Gary Granada upang masilayan ang ganda, dating at talab nito sa ating pananampalatayang Kristiyano at sa ating pagka-Pilipino sa kasalukuyang panahon.

Kung gayon, sa paanong paraan kaya magandang basahin ang dasal na "Ama Namin"? Paano ito maiuugnay sa awiting "Dakilang Maylikha"? At paano kaya ito

magkakaroon ng dating at talab para sa ating mga Pilipino sa kasalukuyang panahon?

## METODOLOHIYA

Ang pamamaraang ginamit sa papel na ito ay teolohikal na pagninilay sa lente ng pagsasakultura. Ang metodong ito ay kinapapalooban ng pagsusuri sa awit na "Dakilang Maylikha" ni Gary Granada sa konteksto ng pagsasakultura, na tumutukoy sa proseso ng pag-aangkop ng mga teolohikal na prinsipyo sa isang partikular na kultura. Ang pag-aaral ay naglalatag ng paghahambing sa pagitan ng bersyon ng Ama Namin mula sa Doctrina Cristiana na nailimbag noong 1593, ng opisyal na bersyong liturhikal, at ng awitin, gamit ang mapanlahad na pagsusuring teolohikal [comparative theological analysis]. Sa pamamagitan ng pag-uugnay ng Hudyo-Kristiyanong teolohiya at kulturang Pilipino, isang dulog na ginamit rin ni Dr. Jose De Mesa. Layunin ng papel na magbigay ng bagong teolohikal na pananaw sa panalanging itinuro ni Hesus na naaayon sa karanasan at damdaming Pilipino sa tulong ng awiting nabanggit.

## PAGTATALAKAY

Kadalasan sa mga dasal na itinuturo sa atin sa simbahan ay mula sa mga kanoniko at liturhikal na mga aklat sa Latin o Kastila na kung hindi literal na salin ay nananatiling hiram sa banyaga. Halos ganito rin ang sinapit ng pagteteolohiya sa ating bansa mula sa panahon ng pananakop hanggang sa panahon bago ang Ikalawang Konsehong Vaticano kung saan ang Iskolastiko at Neo-Iskolastikong teolohiya ay ipinapasa lamang sa ating kamalayan sa tulong ng ating sariling wika (De Mesa, 2016, p.141). Sa pagsilay ng Ikalawang Konsehong Vaticano, sa panukala ng Sacrosanctum Concilium, isang konstitusyon hinggil sa banal na liturhiya, na ang ganap, may malay, at aktibong partisipasyon ng mga layko ang dahilan para isalin ang mga panalangin ng banal na misa sa iba't-ibang bernakular na wika (Gooley, 2014, p. 109-110) gamit ang metodo ng pagsasakultura (Chupungco & Manabat, 2014, 43-47). Hinggil sa usaping pagsasakulturang liturhikal, sinabi ni Padre Anscar J. Chupungco, OSB, isang mongheng pantas patungkol sa liturhiya, na ang mainam na metodo sa pagsasakultura ay ang dynamic equivalence. Ayon sa kanya, ang dynamic equivalence ay isang proseso ng pagpapalit ng elemento ng Romanong liturhiya ng isang bagay na may kaparehong kahulugan o halaga. Ang "bagay" na ito ay maaaring isang elemento ng kultura o isang elemento ng ating relihiyosong kulturang Pilipino. Tinatawag itong "dynamic" dahil kaya nitong iangkop ang liturhiya sa kultural na kalakaran ng mga tao. Pinupukaw nito ang karanasan ng buhay ng mga tao. Kaya nitong maglarawan ng mga imaheng hinango mula sa kanilang kasaysayan, tradisyon, at sagradong mga gawi (Chupungco & Manabat, 2014, 47). Bagaman hindi liturhikal na awitin, kinakatwiranan ng pag-aaral na ito na ang Dakilang Maylikha ni Gary Granada ay nagpapahiwatig ng dynamic equivalence ng dasal na Ama Namin dahil sa mga elementong kapwa nagmumula sa textong liturhikal, kateketikal, at sa kasalukuyang kontekstong Pilipino na maaaninag sa awitin.

### *Balik-tanaw: Isang maikling kasaysayan sa Doctrina Cristiana*

Kung ating babalikan ang mga pahina ng kasaysayan, malalaman nating bago pa man dumaong ang mga Kastila sa ating kapuluan ay mayroon nang mga umiiral na mga wika (Mendoza, 2005, p. 13). Ang mga katutubong wikang ito ayon

kay Miguel Bernard, 'ay nagpakita ng malaking antas ng pag-unlad ng kaisipan at pagiging sopistikado' ng mga ninuno (Bernard, 1972, p. 152-153). At katulad ng pagkakaiba-iba ng mga wika, mayroon ring ibat-ibang relihiyosong kasanayan at kulturang umiiral kapisan nito (Mendoza, 2005, p. 13).

Ayon kay Nick Joaquin (2003, p. 3), 'ang daluyan [medium] mismo ay isang mensahe. At ang mensahe ay isang metamorphosis. Tayo ay hinuhubog ng mga kasangkapan na ating hinuhubog.' Sa usaping kasaysayan, ang pag-usbong ng mga bagong bagay, kagamitan sa pagpapalaganap ng impormasyon, o mga makabagong pamamaraan [techniques], ay nagdudulot rin ng pagbabago sa kapanahunan [epochs]. Isang halimbawa na rito ay ang pagkakaroon ng makinang pang-imprenta kung saan nagkaroon ng pagbabago ng paradigma ang mga Europeo mula sa kultura ng pakikinig o "ear culture" [o kaya naman ay oral tradition] tungo sa kultura ng pagbasa o "eye culture" [o kaya naman ay literacy], kung saan ang hindi marunong bumasa ay ituturing na ignorante (Joaquin, 2003, p. 4 & 21).

Noong ika-15 siglo, lumaganap sa Europa ang imprenta (Forrester, 2020, p. 2). Noong dumating ang mga Franciscano noong 1578 upang dagdagan ang bilang ng mga misyonero, ay siya ring panahon ng paghahanda at pagtuklas o eksplorasyon na pinasinayaan ng mga Agustino noong 1565, sapagkat mayroong kakapusan sa bilang ng mga misyonerong maalam sa mga katutubong wika ng Pilipinas (Schumacher, 2009, p. 25). Kaya naman minabuti ring mailimbag sa Pilipinas ang pinakaunang aklat sa katesismo na Doctrina Cristiana noong 1593. Ang aklat na ito ay naglalaman ng Tagalog na abecedario o talaan ng mga alpabetong Tagalog sa mga titik na baybayin na may katumbas na mga titik na gamit ng mga Kastila sa pagsulat at pagbasa (Doctrina Cristiana en lengua Española y Tagala, n.d.). Hangarin nitong turuang maunawaan ng mga Tagalog ang mga pangunahing katuruan ng simbahan sa kanilang katutubong wika, damdamin, at kultural na ekspresyon o pagpapahayag, gayon din upang matutuhan ng mga Kastila ang alpabeto at wikang Tagalog sa katutubong paraan. Sa madaling sabi, ang pagsasakultura o pagyakap sa kulturang Tagalog bilang paraan para maipabatid ang mga pangunahing mga aral at mga dasal ay isa sa pinakaunang hakbang ng ebanghelisasyon ng mga unang misyonero sa ating kapuluan (Schumacher, 2009, p. 30-34 & De Mesa, 2019, p. 6). Ayon kay Dr. De Mesa (2019, p. 5), kung babasahin ang partikular na dasal na Ama Namin sa sipi ng Doctrina Cristiana ng 1593, mababanaagang ito ay higit na sensitibo sa kultura ikumpara sa salin na ginagamit natin sa liturhiya ng kasalukuyang panahon. Sa usaping kultura, mahalagang isaalang-alang natin na ang wika ay ang imbakan [reservoir] ng tradisyon at ang daluyan [medium] na kung saan tayo umiiral at napagtatanto [perceive] ang mundo (Gadamer, 1979, p. 26 & De Mesa, 2019, p. 93).'

### *Ang Ama Namin ng Doctrina Cristiana at "Dakilang Maylikha" ni Gary Granada at ang Ganda at Dating nito sa Kasalukuyang Kontekstong Pilipino*

Kung ating paghahambingin ang mga sipi ng dasal na Ama Namin sa opisyal na salin na ginagamit sa lituhiya at sa bersyon ng Doctrina Cristiana, mapapansin natin na ang liturhikal na sipi ay pinagsumakitang maging tapat sa wikang pinanggagalingan [Kastila at Latin] habang ang pangalawa ay tapat naman sa kultura. Bukod sa pagkakaiba ng mga salitang ginamit, kapansinpansing ang bersyon ng Doctrina Cristiana ay nagpapahayag din ng wastong diwa ng Hudyo-Kristiyanong pamanang pananampalataya habang isinasaysay ito sa tunay na sentimiento o damdaming

Pilipino (De Mesa, 2019, p. ix). Samantala, ang awiting Dakilang Maylikha naman ay nagpapahayag ng isang panalangin na higit na sensitibo sa kasalukuyang panahon, inklusibo, nagmumula sa laylayan ng lipunan, may dating at talab, at nanghihimok na kumilos kasama ng Dakilang Maylikha upang itaguyod ang kangyang Banal na Diwa sa langit at sa lupa.

*Talahanayan 1. Unang Bahagi ng Dasal na Ama Namin*

| Bersyon na Ginagamit sa Liturhiya | Bersyon ng 1593 Doctrina Cristiana | Dakilang Maylikha ni Gary Granada |
|---|---|---|
| Ama namin, sumasalangit ka.<br>Sambahin ang ngalan mo. | Ama namin nasa langit ka.<br>Ipasamba mo ang ngalan mo. | Dakilang Maylikha<br>Sa kalinga't pang-unawa |
| Mapasaamin ang kaharian mo.<br>Sundin ang loob mo dito sa lupa para nang sa langit. | Mauwi sa amin ang pagkahari mo Ipasunod mo ang loob mo dito sa lupa parang sa langit. | Mangyari ang Iyong diwa<br>Sa langit at sa lupa. |

Sa hanay ng bersyon na ginagamit sa liturhiya, mababasa ang mga pariralang "Sambahin ang ngalan mo", "Mapasa amin ang kaharian mo", at "sundin ang loob mo". Mapapansin na ang paksa ng mga pandiwang ginamit ay tayo [we]. Animo'y hinahangad natin na sambahin natin ang ngalan ng Diyos, na mapasaatin o makamit natin ang kaharian niya, na sundin natin ang loob niya. Makikitang ang tampulan o focus ng mga petisyon ay antroposentriko – ang kilos ng tao. Sa hanay naman ng bersyon ng 1593 Doctrina Cristiana, mababasa ang mga pariralang "Ipasamba mo ang ngalan mo", "Mauwi sa amin ang pagkahari mo", at "Ipasunod mo ang loob mo". 'Di tulad ng sa una, kapansinpansing ang tampulan ng kilos ay sa Diyos [theocentric] at hinahangad nating kumilos siya sa atin (De Mesa, 2019, p. 12-14). Ayon kay Dr. De Mesa (2019, p. 14), 'Ang inisyatiba ng Diyos ay nauna bago ang tugon ng tao; ang mabathalang pagkilos [divine initiative] ay nagsasagawa ng unang hakbang at ang pagkilos ng tao ay sumusunod bilang tugon.' Ito ay nagpapakita lamang ng matibay na paniniwalang 'tayo ay umiibig dahil una tayong inibig ng Diyos' (Juan 4:19). Tungkol naman sa kultural na pagsasalin ng linyang "Adveniat regnum tuum" [Latin] at "Venga tu reino" [Kastila], na pawang tumutukoy sa pagdating ng kaharian ng Diyos, mapapansin natin ang mga salitang 'mapasa amin' [bersyong liturhikal] at 'mauwi sa amin' [1593 Doctrina Cristiana] at hindi 'dumating sa amin' [literal na salin]. Bagaman pawang nagpapahayag ng hangarin na mapasapiling natin ang kaharian ng Diyos, ang una ay may tonong pang-aangkin o pagmamana [possessive] habang ang ikalawa naman ay mas malapit sa literal na pagsasalin subalit sa mas kultural na pagpapahayag, "mauwi sa amin ang pagkahari mo" na sa Ingles ay "make your kingdom come home [i.e., pauwiin] to us." (De Mesa, 2019, p. 13)

Sa kabilang banda, kapansin-pansin sa ikatlong hanay ang paggamit ni Gary Granada ng katawagan sa Diyos na Dakilang Maylikha imbes na Ama Namin. Marahil dahil ito ay natatanging katawagan ng mga Kristiyano sa Diyos na sumasalungat naman sa tradisyong Hudyo at maging sa iba pang mga pananampalataya. Sa madaling sabi, ang titulong "Ama" ay hindi angkop sa kasanayang Hudyo at maging ng Islam, kapwa mga Abrahamikong relihiyon, na naniniwala sa iisang Bathala o Dios. Noong 350 A.D., unang nabanggit ni Cyril na obispo ng Jerusalem ang paggamit ng dasal na Ama Namin. Dinarasal daw ito matapos ang mga panalangin sa Eukaristiya at bago ang pakikinabang [o communion] na pawang bahagi ng Missa Fidelium na tanging mga bininyagan lamang ang maaaring dumalo at makibahagi. Ito raw ay nagpapatunay

na ang kaalaman sa dasal na Ama Namin at ang pribilehiyo sa paggamit nito ay nakareserba lamang sa mga ganap na kaanib ng simbahan (Jeremias, 1960, p. 141-146). Sa madaling salita, ang dasal na Ama Namin ay eksklusibong dasal na hindi maaaring dasalin ng mga hindi bininyagan. Samantalang ang katawagang "Dakilang Maylikha" ay naaayon naman sa pananampalatayang Kristiyano at Hudyo, gayon din sa Islam na may katumbas pa ngang katawagang sa Diyos bilang Al-Khaaliq (Qur'an 6:102). Samakatuwid, ang katawagan sa Diyos na "Dakilang Maylikha" ay nagpaparamdam ng isang inklusibong pananaw na yumayakap sa kalooban ng tanang naniniwala sa Maylalang, maging Kristiyano man, o Hudyo, o Muslim. Ang inklusibong pananaw na ito ay hindi malayo sa katuruan ni Apostol San Pablo hinggil sa pagtatamo ng mga pangako kay Abraham at sa lipi nito na kumikilala sa iisang Maylikha (Galacia 3:28-29, Magandang Balita Biblia). Sa liturhikong bersyon gayon din sa Doctrina Cristiana, sinasaad ang paghahangad sa pagdating o pag-uwi ng pagkahari ng Diyos o kaharian ng Diyos. Subalit sa awiting Dakilang Maylikha, maririnig natin ang mga katagang "Mangyari ang Iyong diwa" bilang alternatibong pagbasa sa βασιλεία [basileía, Griego; paghahari sa Tagalog, reign sa Ingles] (Jerome, 2015, p. 3). Ang salitang "diwa" ay may maraming kahulugan tulad ng sigla o gana [gusto], malay [consciousness], pandama o abilidad na makaramdam [senses], o prinsipyo [thought o concept]. Halimbawa, ang Kapaskuhan ay may "diwa" dahil ito ay isang konsepto na nararamdaman, nagdudulot ng kamalayan, at nagbibigay sigla at buhay. Kapag sinabi naman nating ka-diwa, ito ay nangangahulugan ng pakikiramay o pakiki-isa. Sa Matandang Tipan, ito ang siyang naranasan ng mga Israelita noong sila ay inahon ng Diyos sa pagka-alipin sa Ehipto. Sinabi ng Diyos, "Ako si Yahweh, ang inyong Diyos," (Levitico 19:33-34, Magandang Balita Biblia) na mistulang nagsasabing, "Ako ay inyo," "Ako'y sumasainyo," o "Ang Diwa ko'y nasa inyo." Hinahangad sa awitin ni Gary Granada na "mangyari" ang "diwa" ng Dakilang Maylikha sa langit at sa lupa. Ito ay ang dinamikong salin [o dynamic equivalence] sa βασιλεία. Ang salitang Tagalog na "diwa" ay katumbas rin ng "espirito" [spirit], isang hiram na salita sa wikang Espanyol. Ito ay maaaring tumukoy sa aktibong presensya ng isang persona [presensya o Espiritu ng Diyos] o kaya naman ng isang prinsipyo [halimbawa ay "espiritu ng batas"]. Ayon sa ikalawang sulat ni San Pablo sa mga taga-Corinto (3:17-18, Magandang Balita Biblia), kung nasaan ang Espiritu o Diwa ng Panginoon, mayroon paglaya. Ang diwa ng Maylikha ay naghahatid ng paglaya mula sa pagkakaalipin, kahirapan, kalungkutan, dusa at pangamba. Ito ay isang mabuting balita na nagbibigay ng pag-asa para sa mga aba na walang hinahangad kung hindi ang pag-antabay ng Maykapal. Ito ang panalangin ng nasabing awitin—ang paglaganap at pamamayani ng diwa ng Maylikha, na magdudulot ng paglaya sa langit, lalung-lalo na rito sa "lupang bayang kahapis-hapis" [Aba po, Santa Mariang Hari].

Kung ating ihahambing ito sa bersyong liturhikal na "mapasaamin ang Kaharian mo" at sa 1593 Doctrina Cristiana na "Mauwi sa amin ang pagkahari mo," ang una ay may pakiwaring isang estado [state; static view of the Kingdom of God] at ang pangalawa ay animo'y paghahari [active o operational; personally ruling] (De Mesa, 2019, p. 13). Samantalang sa awiting Dakilang Maylikha, hinahangad na lumaganap o mamayani ang isang masigla, may malay, at nararamdamang Diwa ng Maykapal na nakikiramay sa tanan [immanent God].

*Talahanayan 2. Ikalawang Bahagi ng Dasal na Ama Namin*

| Bersyon na Ginagamit sa Liturhiya | Bersyon ng 1593 Doctrina Cristiana | Dakilang Maylikha ni Gary Granada |
|---|---|---|
| Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw, | Bigyan mo kami ngayon<br>Ng aming kakanin<br>Para nang sa araw-araw | Bigyan mo ng sapat<br>Ang lahat sa araw-araw |
| At patawarin mo kami sa aming mga sala<br>Para nang pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin. | At pakawalan mo ang aming kasalanan nang mawalang bahala namin sa loob ang kasalanan nang nagkakasala sa amin. | Turuang magparaya<br>Gaya ng Iyong gawa |
| At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso. | Huwag mo kaming iwan nang di kami matalo nang tukso. | Iadya Niyo kami<br>Sa pagmamataas<br>Upang maiwaksi<br>Ang lupit at dahas |
| At iadya mo kami sa lahat ng masama. | Datapuoat iadya mo kami sa dilan masama. | At samahang lumikha<br>Ng pamayanang payapa<br>Sa kalikasan, kabuhayan<br>Kakanyahan, paniniwala. |
| Amen. | Amen. Hesus. | Siya Nawa, Siya Nawa!<br>Siya Nawa, Siya Nawa! |

Ang dalawang naunang bersyon ng Ama Namin ay humihiling ng pang araw-araw na pagkain. Ang salitang "araw-araw" o quotidianum sa Latin, ay isang salin sa orihinal na salitang επιούσιος o epiousios (Mateo 6:11 & Lucas 11:2). Ito ay halaw sa dalawang salitang pinag-ugnay na epi [na ang kahulugan sa Ingles ay over, above, beyond, super] at ousia [sa Ingles ay substance] na ibig sabihin ay supersubstantial sa Ingles. Sa madaling salita, ang epiousios ay nangangahulugang "kailangan upang umiral" [o sa Ingles ay necessary for existence; needful], o sa madaling sabi ay, "pang araw-araw," dahil kailangan upang mabuhay. Ang supersubstantial na pagkain ay tumutukoy sa espirituwal at pangkatawang pangangailangan na kinakailangang punuan (Greenwell, 2013). Mahalagang pagtuunan ng pansin sa dasal na Ama Namin ang salitang "kakanin sa araw-araw" bilang susi upang makita ang kultural na katuturan nito sa salitang επιούσιος. Sa kulturang Pilipino, ang kanin [rice] ay maituturing na kailangan sa araw-araw. Hindi mabubuo ang hapag at hindi magiging masigla ang isang araw nang pag-gawa kung hindi makakakain ng kanin. Subalit ang kanin [rice] o kakanin [food] ay bumubusog o tumutustos sa pangkatawang pangangailangan bagay na hindi angkop sa kahulugan ng epiousios dahil ang pagkain o kanin ay temporal lamang at hindi supersubstantial. Kung ating babalikan ang teksto ng Ama Namin, ang itinuro ni Hesus na dapat na hilingin sa Ama ay pang araw-araw na tinapay, na inihahambing sa manna o tinapay na buhat sa langit, na tumutukoy sa espirituwal at temporal na pangangailangan ng tao para mabuhay. Maaari rin itong tumukoy sa misteryo ng Eukaristiya sa mas liturhikal na pag-basa o pagteteolohiya.

Sa awitin ni Gary Granada, maririnig ang mga katagang; "Bigyan mo ng sapat ang lahat sa araw-araw." Hindi binanggit sa awit ang salitang tinapay o kakanin. Ang salitang sapat ay nangangahulugan ng katamtaman– hindi kapos, hindi rin maaksaya. Sapat din ang tawag sa maginhawa – hindi maluwag at hindi rin nakakasakal. Ang sapat ay ang pagitan ng kapos at labis. Sa madaling sabi, ang paghahangad ng sapat sa araw-araw ay hindi lamang kumakatawan sa mga bagay na pangkatawan tulad ng pagkain, bagkus maging panlipunan at espirituwal din tulad ng responsableng

pagkonsumo o paggamit ng mga likas na yaman, at panatag ng loob sa awa ng Diyos sa araw-araw. Sa awitin ni Gary Granada, sinasabing “bigyan Mo ng sapat ang lahat sa araw-araw.” Ano ang hinihingi sa Maykapal? Sapat. Sa kasalukuyan, pangarap parin ng marami nating mga kababayan ang sapat na pagkain sa hapag (Chi, 2024), sapat na kita at disenteng trabaho (Reyes, 2024; Ha, 2024), sapat na kaalaman at edukasyon (Desiderio, 2024), at sapat na kalingang medikal (Collado, 2019). Ano kaya ang dahilan kung bakit maging ang sapat ay naituturing ding pangarap ng mga naghihikahos nating mga kababayan? Korapsyon at kagahamanan sa salapi (Mateo, 2024), at paghahangad ng labis-labis. Ayon sa isang pag-aaral, ang korapsyon ay nagpapalalim ng agwat ng kita at nagpapalala ng kahirapan dahil sa mabagal na pag-unlad ng ekonomiya at mga patakarang pumapabor sa mayayaman at makapangyarihan. Pinahihina nito ang mga programang panlipunan, binabawasan ang pondo para sa edukasyon at serbisyong panlipunan, at pinapalala ang kawalan ng pagkakataon ng mga mahihirap. Bukod dito, nagdudulot ito ng mas mataas na panganib sa kanilang mga desisyon sa pamumuhunan, na lalong nagpapahirap sa kanilang pag-angat sa buhay (Gupta et al., 1998). Ito marahil ang dahilan kung bakit isinaad din ni Gary Granada sa kanyang awitin ang mga sumusunod; “At samahang lumikha ng pamayanang payapa, sa kalikasan, kabuhayan, kakanyahan, paniniwala.” Dahil kung hindi sa tulong ng Diyos, mukhang ang lahat ng ito ay mananatiling pangarap.

Sa bersyong liturhikal ng Ama Namin, sinasaad ang paghahangad ng kapatawaran sa kasalanan bilang kapalit ng pagpapatawad sa mga pagkakasala ng kapwa. Sa bersyon ng Doctrina Cristiana, sinasaad naman ang paghahangad na “pakawalan” ang atraso ng kapwa “nang mawalang bahala namin sa loob” ang atraso o utang [sa Ingles ay debt, o kaya naman ay opheilemata sa Griego] ng kapwa (De Mesa, 2019, p. 15). Sa awitin ni Gary Granada, maririnig ang mga linyang “Turuang magparaya gaya ng Iyong gawa” na siyang tumutulong sa atin upang lumingon sa uri o modo ng pagpapatawad na mayroon ang Diyos. Kung ikukumpara sa dalawang nauna na may tunog na kondisyunal, ang awit na ito naman ay nagpapahayag ng kababaang loob na matutong magparaya. Sa 1593 Doctrina Cristiana, hinihiling natin sa Ama na kumilos upang “pakawalan” ang mga kasalanan “nang mawalang bahala namin sa loob ang kasalanan nang nagkakasala sa amin,” sa awitin ni Gary Granada, sinasabing “turuang magparaya” kung saan ang pagkilos ay nasa tao subalit sa tulong at gabay ng Maykapal. Animo’y ang bersyong ito sa awitin ay nagpapakita ng mas malalim na ugnayan ng Diyos at tao tungo sa buhay na ganap at hindi lamang naghihintay sa pagkilos ng Maykapal. Wika nga sa isang kasabihan, “Nasa tao ang gawa, nasa Diyos ang awa.” Sa aklat ni Lucas (23:34-36, Magandang Balita Biblia), mababasa nating si Hesus ay nagparaya sa mga taong nanunuya sa kanya sa Krus at hiniling niya sa Ama na patawarin ang mga ito sapagkat hindi nila alam ang kanilang ginagawa. Sa kwento ng alibughang anak, ipinakilala rin ni Hesus ang Diyos bilang isang mapagparayang Ama na siya namang humihimok sa atin na maging maawain tulad Niya (Lucas 15:11–32, Magandang Balita Biblia). Samantalang sinasaad sa Ama Namin ng bersyong liturhikal at sa 1593 Doctrina Cristiana ang hiling na iadya ng Diyos Ama ang tanan sa dilan masama, maririnig naman natin sa awit ni Gary Granada ang mga linyang, “Iadya Niyo kami sa pagmamataas upang maiwaksi ang lupit at dahas.” Ang linyang ito ay may protological na kahulugan na mababasa sa aklat ng Henesis. Pagmamataas [o pride, sa Ingles]; ito ang naging sanhi ng pagsuway ng tao sa Maykapal dahil naghangad silang “maging parang Diyos.” (Genesis 3:5-7, Magandang Balita Biblia). Ang pagmamataas ding ito ang nagbunsod kay Cain

upang walang awang patayin ang kanyang sariling kapatid na si Abel (Genesis 4:9-11, Magandang Balita Biblia). Sa bersyon ng Doctrina Cristiana, maganda ang pagkakasaad ng petisyon na nagsasabing “Huwag mo kaming iwan nang di kami matalo nang tukso.” Ito ay nagpapahayag ng kagustuhang manatili sa piling ng Maykapal upang mapagtagumpayan ang anumang mga hamon o tukso. Ito rin ang hangarin na sinasabi sa mga linyang, “At samahang lumikha ng pamayanang payapa, sa kalikasan, kabuhayan, kakanyahan, paniniwala.” Ang bersyon ng Doctrina Cristiana na nagsasabing “huwag mo kaming iwan” at ang awiting Dakilang Maylikha na nagsasabing “sahaman” ay pawang sumasalamin sa paghahangad sa pakikiramay ng Maykapal na may magandang loob sa tao upang mapatnubayan niya ang tanan sa tamang daan upang kung dumaan man ang tao sa madilim na libis ng kamatayan, hindi siya matatakot dahil ang Diyos ay ang umaagapay (Awit 23:1-6, Magandang Balita Biblia).

Ang salitang “Amen” naman ay malaon nang ginagamit sa relihiyong Hudyo na kalaunan ay ginamit na rin ng mga Kristiyano at Muslim sa pagwawakas ng bawat panalangin. Ito ay nangangahulugan ng masidhing pagsang-ayon (Encyclopedia Britannica, 2024). Ito rin, ayon kay Dr. De Mesa, ay nangangahulugan ng pagsang-ayon sa kabuuhang nilalaman ng dasal na Ama Namin. Samakatwid, ito ay pagkilala sa kagandahang loob ng Ama na humihimok sa lahat na mamuhay ayon sa kanyang mabathalang wangis, larawan, at loob na ubod ng ganda (De Mesa, 2019, p. 86). Kapansin-pansing sa hanay ng 1593 Doctrina Cristiana, ang mga salitang “Amen. Jesus.” na may katumbas na pariralang “sa pangalan ni Hesus, Amen.” Ang bahaging ito ng Ama Namin ng Doctrina Cristiana ay hindi matatagpuan sa bersyong liturhikal. Ayon sa Ebanghelyo ni Juan na tutupdin ni Hesus ang anumang hilingin sa pangalan niya (Juan 14:13-14). Kung atin namang bibigyan ng pansin ang awiting Dakilang Maylikha ni Gary Granada, makikita nating dalawang beses na kambal na binanggit ang mga katagang “Siya nawa.” Ito rin ang isinaad ng Ebanghelyo ni Juan (6:53, New Catholic Bible Version) sa naging paraan ni Hesus upang bigyang diin ang mga aral na dapat bigyan ng labis na pansin ng tagapakinig; “Amen, amen, I say to you”. Ginagamit rin ang amen preface o pagbabanggit ng amen bago ang isang talata, bilang pagpapatotoo na ang iyong sasabihin ay pawang katotohanan, dalisay, at tapat. Halimbawa, “Amen, I am innocent of any guilt” [Amen, wala akong kasalanan], na para bang sinasabi rin nating “Totoo, wala akong kasalanan” (Zogbo, 2021, p. 74-92). Sa awiting Dakilang Maylikha, ginamit ang salitang “Siya nawa” bilang salin ng salitang Griego at Hebreo na amen. Ang saling ito sa wikang Tagalog ay nangangahulugang mangyari sana, hari nawa, o pagpapatotoo sa mga binitawang salita. Madalas na idinudugtong ang salitang “Siya nawa” pagkatapos ng panalangin. Ang pagbanggit nito matapos ang awitin ay nagpapatunay na ang awiting nabanggit ay isang panalangin. Sa madaling salita, ang awiting Dakilang Maylikha ay nagpapahayag ng pagtatampok ng diin, katotohanan, kadalisayan, at katapatan ng damdamin sa pakikipag-ulayaw sa Maykapal upang magtagpo ang loob ng nananalangin at ang loob ng Maykapal. Hari nawa, maghari nawa. Siya Nawa!

## KONGKLUSYON

*“Panginoon, turuan po ninyo kaming manalangin”: Isang Paglalagom at Hamon*

Nasasaad sa Ebanghelyo na ang mga alagad ay nagpaturo kay Hesus kung papaano manalangin sa Diyos (Lucas 11:1, Magandang Balita Biblia). Ang

paghahangad na ito ng mga masugid na tagasunod ni Hesus ang nagbunsod sa pag-iral ng dasal na Ama Namin. Ito ang naging isang saligan at huwaran ng lahat ng nag-nanais na sumunod sa kagandahang loob ng Maykapal. Subalit ang dasal na ito ay hindi kailanman nauubusan ng ganda, ng talab, at ng dating kaya naman patuloy itong humahamon sa atin upang mapalapit sa Maykapal. Isang patunay rito ay ang awiting Dakilang Maylikha na pumupukaw sa ating loob upang maghangad ng sapat sa araw-araw, matutong magparaya, at patuloy na maghangad sa pakikiramay ng Diyos sa ating buhay na pawang nilalaman ng dasal na Ama Namin.

Bilang kongklusyon, inilalahad ng pagsusuring ito na ang dasal na Ama Namin ay hindi lamang isang estangkadong [stagnant] panalangin na inuusal o pinagninilayan, bagkus ay isang batis na patuloy na pinagdadaluyan ng makahulugang pagtanaw sa buhay, pamumuhay, at pagsasabuhay ng mga aral ng Ebanghelyo. Bilang implikasyon, hinihimok ng pag-aaral na ito ang mga mananampalataya na patuloy na humugot ng inspirasyon sa mga katagang napapaloob sa dasal na ito upang bigyang katuturan ang mga pagdurusa at pagtangis, tuwa at pangarap, at mga hilahil ng sambayanan gamit ang mga kasangkapan [tools], pamamaraan [methods], at pagpapahayag [expressions] na nagmumula sa mismong kulturang Pilipino – bagay na makikita sa awitin, o masasabi na ring dasal, na Dakilang Maylikha.

**PAGKILALA**

Salamat sa aking asawa, Jennifer M. Pascua-Buencibello, sa paglalaan ng pondo at oras sa pagbasa upang matapos ang papel na ito.

# REFERENCES

[1] Ayo, N. (1992). *The Lord's Prayer: A survey theological and literary*. University of Notre Dame Press.

[2] Bernard, M. (1972). *The Christianization of the Philippines: Problems and perspectives*. The Filipiniana Book Guild.

[3] Catholic Bishops' Conference of the Philippines. (1992). *Acts and Decrees of the Second Plenary Council of the Philippines*. Paulines.

[4] Chi, C. (2024, May 1). *More Filipinos hungry in first quarter of 2024* – SWS. PhilStar Global. https://www.philstar.com/headlines/2024/05/01/2351782/more-filipinos-hungry-first-quarter-2024-sws

[5] Collado, Z. C. (2019). Challenges in public health facilities and services: Evidence from a geographically isolated and disadvantaged area in the Philippines. *Journal of Global Health Reports, 3*. https://doi.org/10.29392/joghr.3.e2019059

[6] De Mesa, J. M. (2016). *Jose M. De Mesa: A Theological Reader*. De La Salle University Publishing House.

[7] De Mesa, J. M. (2017). *Kapag ang 'ganda' ang pag-uusapan: Mungkahi para sa dulog at paraan ng mabathalang pag-aaral*. In Ang maganda sa teolohiya (pp. 1–21). Claretian Communications.

[8] De Mesa, J. M. (2019). *We dare to say, "Our Father": Theology and spirituality of the 1593 version of the Ama Namin*. Claretian Communications Foundation.

[9] De Mesa, J. M., Padilla, E. P., Lanaria, L. L., Cacho, R. G., Cipriano, Y. D., Capaque, G. N., & Gener, T. D. (2017). *Ang maganda sa teolohiya*. Claretian Communication.

[10] Desiderio, L. (2024, May 15). *Nearly 11 million children, youth not in school – PSA*. PhilStar

Global. https://www.philstar.com/headlines/2024/05/15/2355189/nearly-11-million-children-youth-not-school-psa

[11] *Doctrina cristiana en lengua española y tagala*. (n.d.). The Library of Congress. https://www.loc.gov/item/48031307/

[12] Encyclopedia Britannica. (2024, November 11). *Amen*. Encyclopædia Britannica. https://www.britannica.com/topic/amen-prayer

[13] Forrester, R. (2020, January 1). *History of printing: From Gutenberg to the laser printer*. Academia.edu. https://www.academia.edu/41475927/History_of_Printing_From_Gutenberg_to_the_Laser_Printer

[14] Gadamer, H.-G. (1979). *Philosophical hermeneutics*. University of California Press. http://doi.org/10.2307/2184785

[15] Greenwell, A. M. (2013, April 9). *Epiousios: Our Father, give us this day our daily supersubstantial bread*. Catholic Online. https://www.catholic.org/news/hf/faith/story.php?id=50420

[16] Gooley, A. (2014). *Vatican II and its 4 Constitutions*. St. Pauls.

[17] Gupta, S., Davoodi, H., & Alonso-Terme, R. (1998). *Does corruption affect income inequality and poverty?* International Monetary Fund. https://etico.iiep.unesco.org/en/does-corruption-affect-income-inequality-and-poverty

[18] Ha, C. (2024, January 23). *Minimum wage in the Philippines not sufficient for employees*. HRM Asia. https://hrmasia.com/minimum-wage-in-the-philippines-not-meeting-basic-needs/

[19] Hogg, H. W. (1896). 'Amen.' Notes on its significance and use in Biblical and post-Biblical times. *The Jewish Quarterly Review, 9*(1), 1–23. https://doi.org/10.2307/1449949

[20] Jerome, O. M. (2015, January). Pater Noster (Matthew 6:9-13) as a paradigm for ecumenical commitment among Christians in Nigeria. *IOSR Journal of Humanities and Social Science, 20*(1), 1–11. https://doi.org/10.9790/0837-20130111

[21] Joaquin, N. (2003). *Culture and history*. Anvil Publishing.

[22] Mateo, J. (2024, February 2). *Philippines ranks 115th in corruption index*. PhilStar Global. https://www.philstar.com/headlines/2024/02/02/2330352/philippines-ranks-115th-corruption-index

[23] Mendoza, F. (2005). *Basic ecclesial communities: Context and foundations of formation*. F. Mendoza & Mandaue Printshop Corporation.

[24] Reyes, R. O. (2024, February 19). *Filipino workers struggle for a decent wage*. Union of Catholic Asian News. https://www.ucanews.com/news/filipino-workers-struggle-for-a-decent-wage/104173

[25] Schumacher, J. N. (2009). *Growth and decline: Essays on Philippine church history*. Ateneo de Manila University Press.

[26] USCCB. (2009, September 20). *Lex orandi, lex credendi: The Word of God in the celebration of the sacraments*. usccb.org. https://www.usccb.org/beliefs-and-teachings/how-we-teach/catechesis/catechetical-sunday/word-of-god

[27] Zogbo, L. (2021, October). On understanding and translating □μ□ν □μ□ν λέγω □μ□ν in John's Gospel against the backdrop of English and a selection of African languages. *Conspectus, 32*, 74–92. https://doi.org/10.54725/conspectus.2021.2.4

## About the Author

Si Joenel B. Buencibello ay isang full-time na guro sa Senior High School ng De La Salle University. Siya ay nagtapos ng Bachelor of Secondary Education sa Religious Education at Values Education mula sa University of San Carlos at may Master of Arts sa Systematic Theology mula sa St. Vincent School of Theology ng Adamson University.